

Gabay sa Paggamit ng Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto o *Most Essential Learning Competencies (MELCs)* sa Filipino

Ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Bureau of Curriculum Development ay bumuo ng talaan ng mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto o *Most Essential Learning Competencies* (MELCs). Binuo ito upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga guro at mag-aaral kaugnay ng mga hamong dala ng COVID19. Gamit ang MELCs, inaasahan na makatutulong ito sa anumang *mode of instructional delivery* na gagamitin ng guro upang punan ang pinaikling panahon ng pag-aaral at limitadong interaksyon ng mga mag-aaral sa paaralan.

Ang MELCs ay tumutugon din sa pangunahing layunin ng pag-aaral ng Filipino, ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki - pakinabang na literasi.

Proseso ng pagpili at pagbuo ng MELCs ng Filipino

Sa proseso ng pagtukoy ng mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto o MELCs, ang ENDURANCE o katatagan ang naging batayan upang piliin ang mga kompetensiyang isasama sa listahan:

- a. nagagamit sa totoong buhay;
- b. higit na mahalaga kaysa ibang kompetensi; at
- c. lubhang kailangan upang matutunan ang iba pang asignatura o propesyon

Bukod sa mga pamantayang nabanggit, isinaalang-alang din ang pagsasakatuparan ng mga pamantayan sa bawat baitang at ang kasama nitong pamantayang pangnilalaman at pamantayan sa pagganap.

Paano gagamitin ang MELCs sa pagtuturo?

Dahil sa ilang katangiang tinataglay ng MELCs, pinapayuhan ang guro na gamitin ito ayon sa mga sumusunod:

1. Pag-uulit ng ilang MELCs sa iba pang markahan ng bawat baitang kung kinakailangan sa lalong paglinang nito.

Baitang/Markahan	MELCs
Baitang 1 – Ikatlong Markahan	Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang alamat/teksto
Baitang 2 – Unang Markahan	Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto
Baitang 3 – Unang Markahan	Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto

Matatagpuan sa listahan ng MELCs na ang ibang kompetensi katulad ng halimbawa sa itaas ay hindi na nauulit sa bawat markahan bagkus makikita ang pag-uulit nito sa bawat baitang. Ang pagpapanatili ng pag-uulit ng mga kompetensi sa bawat baitang ay nangangahulugang pagbibigay pansin sa mga kasanayang dapat matutuhan ng mag-aaral lalo't higit na kailangan ito sa pagkatuto ng iba pang asignatura.

2. *Pag-unpack* ng MELCs para sa mga tiyak na mga kasanayang pampagkatuto.

Baitang/Markahan	MELCs	Mga Pantulong na Kasanayang Pampagkatuto
Baitang 2 – Ikaapat na Markahan	Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at batayang talasalitaan	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Napapantig ang mga mahahabang salita ✓ Nabibigkas nang wasto ang mga diptonggo ✓ Nababasa ang mga salita sa unang kita
Baitang 5 – Unang Markahan	Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid, sa usapan at paglalahad tungkol sa sariling karanasan	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Natutukoy ang kahulugan ng mga pangalan at panghalip ✓ Nakapagbibigay ng mga halimbawa ng pangalan at panghalip ✓ Nakapagbibigay ng reaksiyon sa isang usapin ✓ Naisalaysay ang sariling karanasan

Inaasahang magkakaroon ng *unpacking* ang guro para sa mga malalawak na MELCs upang sa gayon ay mas mabigyang pansin ang mga batayang konsepto at kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral.

3. Pagpili ng mga magkakasamang MELCs na sasakto para sa walong (8) linggo.

Baitang/Markahan	MELCs	Duration
Baitang 5	Nababaybay nang wasto ang salitang natutuhan sa aralin at salitang hiram	
	Nasasagot ang mga tanong sa binasa/napakinggang talaarawan, journal at anekdota	

Ikalawang Markahan	Naibabahagi ang isang pangyayaring nasaksihan o naobserbahan	
	Nailalarawan ang tagpuan at tauhan ng napanood na pelikula at nabasang teksto	
	Nabibigkas nang may wastong tono, diin, antala at damdamin ang napakinggang tula	
	Naibibigay ang paksa/layunin ng napakinggang kuwento/usapan/talata, at pinanood na dokumentaryo,	
	Naibibigay ang mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan, talambuhay at sa napanood na dokumentaryo	
	Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagsasabi ng hinaing o reklamo, sa pagsasabi ng ideya sa isang isyu, at sa pagtanggap	
	Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa isang talata at tekstong napakinggan	
	Naipapahayag ang sariling opinyon o reaskyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan,	
	Naibibigay ang bagong natuklasang kaalaman mula sa binasang teksto at datos na hinihingi ng isang form	
	Nakasusulat ng simpleng patalastas, at simpleng islogan	
	Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagtatala ng mahahalagang impormasyon tungkol sa isang isyu	
	Naitatala ang mga impormasyon mula sa binasang teksto	

Binibigyang laya pa rin ang mga guro na makapili ng mga magkakasamang MELC sa bawat linggo na sa tingin nila’y sasakto at sasapat batay sa gagamiting paraan ng pagtuturo o *mode of instructional delivery*. Ito ay makatutulong upang maipadron ang mga MELCs sa konteksto at pangangailangan ng mga guro’t mag-aaral.

At bilang karagdagan, minabuti ng mga espesyalista sa erya ng Filipino na hindi magbigay ng tiyak na haba ng oras sa pagtuturo ng MELCs sa loob ng isang markahan upang maiwasang malimitahan ang guro sa paggamit nito. Sa huli, dapat bigyang pansin na ang mga kompetensing nakalista sa MELCs ay dapat makamit sa mga tinukoy na baitang.

Tandaan na ang layunin sa pagbuo ng MELCs ay hindi upang palitan ang kasakuluyang *curriculum guide* kundi upang magabayan ang mga guro sa pagtukoy ng mga kompetensing mas kinakailangan ng mga mag-aaral sa Taong Panuruang 2020-2021. Sa huli, hinihikayat pa rin ang mga guro na sumangguni sa *curriculum guide ng Filipino* kung sa tingin nilang hindi sapat ang mga kompetensing tinukoy sa MELCs.